

Mga Kagamitan sa Pagpapalano para sa iyong pambatas, pangkalusugan at pampinansyang mga desisyon sa hinaharap

Gawin ito nang nakasulat

✓ Maghanda ng Huling Habilin (Will)

Ano ang Huling Habilin at sino ang dapat magkaroon nito?

Ang Huling Habilin ay isang legal na dokumentong malinaw na nagtatalaga kung paano mo gustong ipamahagi ang iyong ari-arian (pag-aari, mga salapi at mga kasangkapan) kapag ikaw ay pumanaw na. Inirerekomenda na ang lahat mula labing-walong taong gulang at higit pa na dapat gumawa ng huling habilin.

Mapapalitan ko ba ang aking huling habilin?

Dapat mong repasuhin at itama sa panahon ang iyong Huling Habilin kung may mga mahahalagang mga pagbabago sa iyong buhay – gaya ng pagpapakasal o pagdidiborsyo, pagkakaroon ng mga anak, pagbili ng bahay o negosyo.

Ano ang tagapagpatupad?

Ang tagapagpatupad ay ang taong mamamahala ng iyong ari-arian matapos kang pumanaw. Sila ang magpapatupad sa iyong mga kagustuhang nakatakda sa iyong Huling Habilin. Sila ay dapat na isang taong sa palagay mo ay may-kakayahan, mapagkakatiwalaan at maaasahan, kabilang ang kakayahang manatiling independiyente kung mangyaring may pagtatalo.

Makakagawa ba ako ng sariling Huling Habilin?

Oo, subali't may ilang legal na mga kakailanganin para magkaroon ito ng bisa. Dapat kang humingi ng tulong sa isang propesyonal gaya ng iyong abogado o sa NSW Trustee & Guardian para matulungan kang ihanda ang iyong Huling Habilin at matiyak na ang iyong mga kagustuhan ay malinaw na naitala.

Anong mangyayari sa aking ari-arian kung pumanaw ako nang walang Huling Habilin?

Kung pumanaw kang walang Huling Habilin (tinatawag na 'intestate'), ang iyong ari-arian ay paghahati-hatiin sa pamamagitan ng isang nakatakdang pormula ng pamahalaan, na may ilan sa mga miyembro ng pamilya ang tatanggap ng itinakdang porsiyento ng iyong mga ari-arian. Kung pumanaw kang walang Huling Habilin (intestate) at walang natitirang nabubuhay na mga kamag-anak, ang Pamahalang Estado ang tatanggap ng iyong ari-arian ayon sa itinakdang pormula ng pamahalaan.

Ano ang mangyayari kung hindi ko nilinaw sa aking Huling Habilin ang aking mga kagustuhan para sa aking mga anak?

Mauwi sa pagtatalo kung hindi nakatukoy nang maayos sa iyong Huling Habilin ang para sa mga anak. Ang hindi paghirang ng tagapag-alaga (mga) para sa mga batang wala pang edad 18 ay mangangahulugang ang hukuman ang magpapasya para sa kanilang pangangalaga.

✓ Kung lumipat ako sa NSW mula sa ibayong-dagat o ibang estado ang nakagawa na ng Huling habilin sa dati kong tinitirhan, kailangan ko pa bang gumawa ng panibagong Huling Habilin?

Dahil sa mga pagkakaiba ng mga batas sa ibayong dagat at estado, dapat mong ipagawa ang Huling habilin (Will) sa iyong bansa o estado na permanenteng tinitirhan na kabilang ang lahat ng iyong mga pag-aari.

✓ Magpagawa ng Power of Attorney

Ano ang Power of Attorney?

Ang Power of Attorney ay isang legal na dokumento na naghilirang ka ng isang Attorney upang mamahala ng iyong pampinansya at ilang mga pambatas na mga gawain, gaya ng pagpirma sa mga dokumentong pambatas para sa iyo. Ang Attorney ay hindi makakapagdesisyon para sa iyong istilo ng pamumuhay, pagpapagamot o kapakanan. Ang Power of Attorney ay nagwawakas sa iyong pagpanaw.

Ano ang kaibahan sa pagitan ng pangkaraniwang Power of Attorney at (Pangmatagalan) na Enduring Power of Attorney?

Wala ng bisa ang pangkaraniwang Power of Attorney kapag nawalan na ang tao ng kakayahan sa pag-iisip. Ang Enduring Power of Attorney ay patuloy na iiral matapos kang mawalan ng kakayahan sa pamamahala ng pansariling kapakanan. Makakagawa ka ng alinman sa dalawa, ngunit kailangan mong ikonsidera ang Enduring Power of Attorney sa hinaharap para sa pagkawala ng kakayahan o habang ikaw ay nagkakaedad. Huli na ang lahat para maghirang ng isang tao kapag ikaw ay nawalan na ng kakayahan sa pag-iisip. Kung hindi mo na kayang mamahala ng iyong mga gawaing pampinansya at wala kang 'enduring Power of Attorney', kakailanganin ang pag-aaplay sa Sangay na Guardianship ng Pang-Sibil at Administratibang Triyunal ng NSW (NSW Civil & Administrative Tribunal) (NCAT) o Korte Suprema (Supreme Court) para maghirang ng isang tagapamahala ng iyong mga gawaing pampinansya.

Kailan mamamahala ang isang Attorney ng aking mga gawaing pampinansya?

Maipapa-epecto ang iyong Attorney alinman sa pagpili (halimbawa, kung ikaw ay maglalakbay sa ibayong dagat nang matagal na panahon) o kung mawalan ka ng kakayahang magdesisyon para sa sarili dahil sa pagkakasakit.



Sino ang maaari kong hirangin bilang aking Attorney?

Napakamahalaga na pipiliin mo ang taong iyong pinagkakatiwalaan at naiintindihan ang iyong mga kagustuhan. Ang isang “attorney” ay dapat na may mga kasanayan at kakayahang mamahala sa iyong mga pampinansyang bagay at kilos para sa iyong mabuting kapakanan. Maaari mong hirangin ang iyong abogado, isang samahang ‘trustee’ o isang taong pinagkakatiwalaan mo sa iyong buhay.

Kapag mayroon na akong ‘Power of Attorney’, wala na rin ba akong kontrol sa aking mga pampinansya?

Hindi. Ang paghihirang ng isang ‘Attorney’ ay pagbibigay ng pormal na awtoridad para sa napiling tao na mamahala ng iyong pampinansya at legal na mga gawain ayon sa iyong mga ipinag-uutos.

Paano at kailan ko maipapawalang-bisa ang ‘Power of Attorney’?

Maipakansela mo (pawalang bisa) ito anumang oras kung may kakayahan kang gawin ito. Walang pormal na proseso, dapat mong sulatan ang iyong Attorney na ipinagbibigay alam mo sa kanila ang pagtatapos ng pagkakahirang. Magtago ng kopya ng sulat at ipaalam sa iyong bangko o iba pang mga pampinansyang institusyon ang tungkol sa mga pagbabago. Kung ipinarehistro mo ang iyong ‘Power of Attorney’ para sa mga ari-ariang lupa, dapat mo ring iparehistro ang anumang mga pagbabago sa iyong ‘Power of Attorney’.



Maghirang ng (Pangmatagalan) Enduring Guardian

Ano ang Enduring Guardian at bakit ako dapat maghirang ng isa?

Ang Enduring Guardian ay taong pinili mo na siyang gagawa ng mga desisyon para sa iyo sa mga bahagi ng estilo ng pamumuhay at pangkalusugan gaya ng tirahan at mga serbisyo. Gumagana lang ang Enduring Guardian kung hindi ka na makapagdesisyon para sa iyong sarili

Ano ang legal na kakayahan?

Ipinapalagay ng batas ng NSW na ang lahat ng mga tao ay mayroong kakayahang pang-isipan para makapagdesisyon. Ibig sabihin, naiintindihan nila at natitimbang ang impormasyong ipinakita sa kanila, gumagawa ng nababagay na desisyon at malinaw na nasasabi ang kanilang ginawang mga pagpili. Datapwa’t ang kakayahan ay maaaring maapektuhan ng karamdaman o mga epekto ng gamot, o permanenteng maapektuhan dahil sa mga kondisyon gaya ng kapansanan sa pag-iisip, demensya, sakit sa kaisipan o pinsala sa utak. Mahalagang huwag ipalagay na dahil lang sa ang isang tao ay mayroong mga problema sa memorya o isang kapansanan, ay hindi na sila makagagawa ng sarili nilang mga desisyon. Kung mayroon kang mga pag-aalala tungkol sa kakayahan ng isang tao, dapat kang humiling ng isang pagtatasa ng propesyonal sa kalusugan. Dapat kang humingi ng pagpapasangguni sa doktor ng tao tungkol sa ganitong uri ng pagtatasa. Para makapagplano sa hinaharap, kailangang maipalagay na mayroon kang kakayahan.

dahil sa pagkawala ng kakayahan. Ang paghirang ng isang Enduring Guardian ay para maiwasan ang pagtatalo at paghihirap mo at ng iyong pamilya at tinitiyak na ikaw ang may kontrol sa kung sino ang gagawa ng mga desisyon para sa iyo. Ang isang Enduring Guardian ay hindi makagagawa o makapagpapabago ng isang Huling Habilin para sa iyo, hindi sila makapagdesisyon tungkol sa iyong pera o mga ari-arian, at hindi sila maaaring pumayag sa pangmedikal o pang-ngipin na paggagamot para sa iyo kung ikaw ay umaayaw dito.

Paano ako makapaghihirang ng isang Enduring Guardian?

Para makapaghirang ng isang Enduring Guardian, kailangan mong kumpletihin ang ‘Form of Appointment’, na makukuha sa planningaheadtools.com.au. Ikaw at ang iyong Enduring Guardian(mga) ay kailangang pumirma sa form at ang iyong mga lagda ay pinatunayan ng mga testigo (gaya ng nakabalangkas sa mga form). Ikaw ay maaaring maghirang nang mahigit na isang tao.

Sino ang maaring maging Enduring Guardian?

Dahil sa kahalagahan ng gawain sa pagdedesisyon, dapat maintindihan ng taong iyong hinirang ang kanilang mga katungkulan bilang kapalit na tagapagdesisyon. Ang iyong Enduring Guardian ay dapat na isang taong iyong pinagkakatiwalaan na isasaalang-alang ang iyong mga pananaw at dating mga piniling estilo ng pamumuhay upang magsasagawa ng desisyon para sa iyong pinakamabuting mga kapakanan.

Maaari bang baguhin o kanselahin ang nahirang kong Guardian?

Maaari mong kanselahin ang iyong Enduring Guardian habang ikaw ay mayroon pang kakayahan sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang ‘revocation form’ at pagbibigay nito sa inyong ‘guardian’. Kung ikaw ay walang kakayahan, ang Sangay na Guardianship (Guardianship Division) (NCAT) o ang Kataas-taasang Hukuman (Supreme Court) lamang ang makapagpapawalang bisa ng ‘guardianship’. Mayroong awtomatikong pagpapawalang bisa kung ikaw ay nag-asawa at kakailanganin mong magkumpleto ng panibagong ‘form of appointment’.

Para sa karagdagang impormasyon sa Pagpapalano sa Hinaharap, bisitahin ang planningaheadtools.com.au o tawagan ang **1300 887 529**. Ang website ay nagbibigay ng madaling access sa impormasyon, mga mapagkukunan at mapagsasanggunian at dinisenyo ito para sa pangkalahatang publiko, mga tagapagbigay-serbisyo at pambatas at pangkalusugang mga propesyonal. Kung kailangan mo ng tulong ng isang interpreter, pakitawagan ang Serbisyo ng Tagasalinwika at Taga-interpretar (Telephone Interpreter Service) (TIS National) sa 131 450 at hilingin sa kanilang tawagan ang pang-impormasyong linya ng “Planning Ahead Tools” sa 1300 887 529.